# Trangkaso,

# Hangover

# o

# Meningitis?

**Obserbahan nang mabuti ang iyong kasama**

Maaaring nakatanggap ka na ng bakunang MenC na pumuprotekta sa iyo laban sa meningitis C ngunit mayroong ibang bakterya na nagdudulot ng meningitis at septicaemia. Sila ay naikakalat sa pamamagitan ng **pag-ubo**, **pagbahing** o tuwirang pagdikit tulad ng **paghalik**. Ang mga pagkalat ay mas malamang na nangyayari sa mga lugar kung saan ang mga tao ay magkakalapit at magkakasamang nakatira sa iisang lugar o magkakalapit na nagtatrabaho nang maramihan.

Dapat alamin ang mahalagang bagay na ang **meningitis at ang septicaemia ay maaaring tumubo nang napakabilis,** minsan sa loob lang ng ilang oras..

Ang pinakamalaking problema, gayon pa man, ay ang karamihan sa mga maaagang sintomas ay banayad at katulad sa mga sintomas na iyong nakukuha kung may trangkaso o kahit na may hangover, halimbawa:

- **pagsusuka;**
- **pagkaramdam ng sinat;**
- **pananakit ng likod o mga kasukasuan;**
- **sakit ng ulo;**
- **stiff neck.**

Ngunit kung ang alinman sa mga sumusunod na sintomas ay lumabas:

- **matinding di-pagkagusto sa ilaw;**
- **pagkataranta/pagkalito;**
- **singaw sa balat o mga balat (blotch) na hindi mawala-wala kung bibigyan ng presyon (kung ididiin ang mga ito); o**
- **koma.**

Formatted: Portuguese (Portugal)

**agad-agad na kumuha ng medikal na tulong – ang maagap na paggamot ay nakakaligtas ng mga buhay**

**Kung oobserbahan mo nang mabuti ang iyong mga kaibigan, at hindi ka matatakot na tanungin sila kung ano ang kanilang nararamdaman, maaari mong mailigtas ang kanilang buhay.**

Mayroong din ng polyetong ito sa www.wales.gov.uk/immunisation o sa www.cymru.gov.uk/imiwneiddio sa mga sumusunod na wika:

Arabic, Bengali, Bulgarian, Chinese, Czech, Farsi, French, Gujerati, Hindu, Kurdish (Sorani), Lingala, Polish, Portuguese, Punjabi, Russian, Somali, Spanish, Swahili,

Tagalog, Urdu, Vietnamese.

© Crown copyright
Hulyo 2008
CMK-22-02-233 D2160809